San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

SECC
Southeast Community Center

1550 Evans Avenue
San Francisco, CA 94124
T 415.554.3155
F 415.554.3161
sfpuc.org/secc

# Alex Pitcher Pavilion

## Mga Amenity

- Komersiyal na Kusina
- Amphitheatre
- Projector
- AV system
- Mga Mesa at Upuan




Kapasidad: 200

Ang Alex Pitcher Pavilion ang pangunahing espasyo ng mga ganap para sa Southeast Community Center. Ang standalone na espasyo na ito ay may matataas na bintana, isang mural na may lokal na landmarks at mga miyembro ng komunidad, isang magandang kahoy na sahig, at mga pader.

Ang espasyo ay may isang amphitheater na nagbibigay ng karagdagang espasyo sa labas at seating na may kapaligiran na perpekto para sa isang banda o para makapag-enjoy ang mga bisita mo. Ang amphitheater ay naglalaman ng mga ibinaon na raised berm na napapaligiran ng kahoy na seating at isang kongkretong hagdan para i-host ang mga ganap sa labas sa silangang bahagi ng community center. Higit kumulang 100 katao ang kapasidad ng amphitheater.

Ang espasyo ng ganap ay may built-in audiovisual (AV) system para mag-project ng tugtog sa loob at labas ng Alex Pitcher Pavillion. May kasamang laser projector, screen at dalawang wireless na mic ang AV system. Puwedeng kumonekta ang AV system sa mga devices sa pamamagitan ng isang HDMI cord, at accessible para sa isang karagdagang charge. Ang kuwarto ay may access sa pampublikong wireless connection ng lungsod sa ilalim ng #SFWiFi na makikita sa center.



Ang kusina ay may de-kryenteng kalan, (2) komersiyal na dishwasher, isang fridge freezer combo, tatlong (3) lababo at dalawang (2) food warmers. Ang area ng kusina ay sapat ang laki para pahintulutan ang isang malaking grupo na magluto at maghanda ng pagkain dito. May serbisyo ng catered food, set-up at pag-iinit ng pagkain ang kusina.

Ang espasyo ay mayroon ding 3 banyo kasama ang isang gender-neutral na banyo na may baby changing station. Ang mga gagamit ng espasyo ay magkakaroon ng access sa parihabang mesa (4' x 2') at bilog na mga mesa (5' diameter).


1550 Evans Avenue
San Francisco, CA 94124
T 415.554.3155
F 415.554.3161
sfpuc.org/secc

# Multipurpose Rooms (Bayview, Hunters Point, Visitation Valley)

## Mga Amenity:

- AV system
- Projector at Screen
- TV Display
- 360 Conference Camera
- Built in na white board (sa partisyong pader)
- Mga Mesa at Upuan
- Access sa hindi panglutong kusina/breakroom


Kapasidad: 78



Ang aming malaking multipurpose na mga kuwarto ay perpekto para sa mga meeting, workshop, at conference style na mga aktibidad.  Ang bawat kuwarto ay may mga bintana na kasintaas ng kisame na nagbibigay ng isang view ng park grounds ng SECC.  Ang bawat kuwarto ay may isang projector, isang TV display, dalawang 360-degree conference cameras, at isang built-in na whiteboard (kapag ginagamit ang partition).

Ang smart meeting na disenyo na kuwarto na ito ay gumagawa ng isang napakagandang produktibo at masayang pagtitipon na karanasan para sa mga kalahok, sila man ay personal o remote.  Mayroon ding isang katabing breakroom.  Mayroong isang fridge, lababo at counter space para sa pag-aayos ng isang pagkain na ihahain ang breakroom.

Puwede ring mai-set up ang espasyo sa iba't ibang configuration para matugunan ang pangangailangan ng iyong event o laki ng grupo. Kabilang ang access sa 4' x 2' na parihabang mesa at karaniwang laki na mga itim na upuan.



Puwedeng ikonekta sa isa't isa ang mga multipurpose na mga kuwarto para gumawa ng mas malaking espasyo para sa mas malaking kapasidad na may kaparehong amenities na kasama.  Kung gusto mong gamitin ang aming AV system, kailangan mong magdala ng isang laptop o iPhone para i-set up ang configuration.  Nagbibigay ng access ang kuwarto sa pampublikong wireless, #SFWiFi ng Lungsod na puwede ninyong pagkonektahan kung kinakailangan. Ang aming multipurpose na mga kuwarto ay nasa ikalawang palapag ng center at lubos na accessible sa mga taong may kapansanan.

San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission
SECC
Southeast Community Center

1550 Evans Avenue
San Francisco, CA 94124
T 415.554.3155
F 415.554.3161
sfpuc.org/secc

# Double Rock

## Mga Amenity:

- AV system
- White Board
- Lababo
- Tumataas na mga Mesa
- Naa-adjust na mga upuan

Kapasidad ay 41 katao

Ang Double Rock na kuwarto ay ang aming tech learning lab para sa ginabayang classroom-style na pagsasanay. Ang kuwarto na ito ay nasa ikalawang palagawag; katabi ng mga elevators at malapit sa aming community space. Ang kuwarto ay may isang karaniwang smart classroom na may audio/video na mga koneksiyon, touch-panel na mga kontrol, isang projector, mga speakers, imbakan na mga cabinet, at isang lababo. Mayroon itong naa-adjust na mga mesa at upuan at accessible sa mga taong may kapansanan.

Maluwag ang kuwarto at nagbibigay ng magandang view ng bayan ng San Francisco. Mayroon itong mga bintana sa kisame na nagbibigay ng natural na ilaw at elemento sa mga paa ninyo. Ang tech learning lab na ito ay kayang magdaos ng knowledge-sharing na mga workshop, pagsasanay ng kasanayan, development na mga klase, at iba pang edukasyonal na aktibidad.

May 8 parihabang mesa at 16 upuan ang Double Rock na kuwarto. Hindi puwedeng baguhin ang ayos ng layout ng kuwarto na ito.



Services of the San Francisco Public Utilities Commission

SECC Southeast Community Center

1550 Evans Avenue
San Francisco, CA 94124
T 415.554.3155
F 415.554.3161
sfpuc.org/secc

# Potrero Hill

## Mga Amenity

- Access sa breakroom
- 2 white board
- Pambatang muwebles
- 2 imbakang cabinet
- Mga sofa, couch, mesa, at upuan

Kapasidad: 30 katao

Ang Potrero Hill ang aming pinaka-intimate na meeting room setting. Mayroon itong floor-to-ceiling na mga bintana na nagpapapasok ng natural na ilaw at isang view ng Bayview Hunters Point Shipyard. Ang child-friendly na espasyong ito ay may mga couch, sofa, dalawang (2) whiteboard, dalawang (2) cabinet, mesa, at pambatang mga upuan at mesa. Maganda ang kuwarto para sa mga meeting at pagtitipon na may mga kasamang bata.

Hindi puwedeng baguhin ang ayos ng layout ng muwebles ng kuwarto na ito.



Services of the San Francisco Public Utilities Commission

SECC Southeast Community Center

1550 Evans Avenue
San Francisco, CA 94124
T 415.554.3155
F 415.554.3161
sfpuc.org/secc

# Hardin / Damuhan / Picnic Area

## Mga Amenity

- Picnic Areas
- Area na Laruan ng mga Bata na may natural na area na laruan
- Mga hardin
- Damuhan na Pang-isports
- Mga water fountain
- (**HINDI KASAMA ang mga upuan at mesa*)*



Ang magandang outdoor na espasyo ng Southeast Community Center ay may tinatayang 2 ektaryang lupain at may area ng palaruan ng mga bata na may natural na area na laruan, at mga upuan, damuhan na pang-isports, swinging benches, at ilang maliliit na hardin at mga walking pathway na may tuyong creek para sa paglilihis ng agos ng tubig ng ulan.

May inilagay na mga malawak na natural na play elements sa damuhan at areas ng hardin. May mga balance log, isang boulder field set na may area para sa pagtatanim ng puno, isang natural na pader na bato, at isang bunton ng bato. Puwedeng gamitin ang damuhan na pang-isports para sa iba't ibang aktibidad tulad ng isports at mga laro.

1550 Evans Avenue
San Francisco, CA 94124
T 415.554.3155
F 415.554.3161
sfpuc.org/secc

Tatlong magkakabukod na picnic areas na may mesang pang-picnic, mas maliit na picnic platforms, at may mga ibinigay na upuan.  Puwedeng umupo ang isang grupo ng 6 sa bawat picnic table.  Malapit ang mga puwedeng inuman na mga fountains para panatilihing hydrated ang mga tao.

Ang malikhain at playful na recretional area na ito ay perpektong lugar para sa pag-iisip ng plano ng group outings kasama ang mga kaibigan, kapamilya, at mga grupo ng kabataan.

Bukas ang aming outdoor recreaction area sa publiko sa isang first come first serve na ayos. Kinakailangan ang mga gagamit ng area para sa pag-iihaw na mag-check-in sa reception at puwedeng humiling na magpareserba sa damuhan. Walang kasamang muwebles sa kahit anong outdoor rentals.

